Senior High School

# Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon

Kuwarter

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon
Kuwarter: 1 : Bilang ng Araw: 2

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng *Strengthened Senior High School Curriculum*. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Sigrid F. Tibordo<br>Niel Orven A. Talavera<br>Rehiyon IV - A<br>Dibisyon ng Lungsod ng Tayabas |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Ariel O. Saet<br>Vilma C. Corpuz |
| **Tagasuri ng Wika:** | Dr. Jayson D. Petras |
| **Konsultant:** | Dr. Jayson D. Petras |
| **Learning Area Specialist:** | Jefferson V. Torres |

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

| MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Mabisang Komunikasyon | **Baitang** | 11 |
| **Semestre** | Unang Semestre | **Kuwarter** | Una |
| **Manunulat** | Sigrid F. Tibordo at Niel Orven A. Talavera | | |

| **I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*** | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal at interpersonal na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop at kolaboratibo; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, at pag-unawa sa konteksto ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa pinanggagalingan ng kausap. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal at interpersonal na sitwasyong komunikatibo; nakalalahok sa komunikasyong intrapersonal, gaya ng pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakikibahagi sa malalalim na talakayan tungkol sa mga personal at interpersonal na paksa; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong kaugnay sa nilalaman at layunin ng usapan at korespondensiya; at **nakabubuo ng iba't ibang anyo ng personal at interpersonal na korespondensiya tulad ng liham, *email, text message* o *chat*, at *post* sa *social media.*** |
| **Mga Kasanayang Pampagkatuto** | Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang bihasa o may angking kaalaman na sa mga magagalang na pananalita at estratehiya sa pamamahala ng usapan at layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon.<br><br>Nakagagamit ng angkop at mabisang wika at estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal) sa iba't ibang layunin.<br><br>Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa awdyens (hal. pagtatanong, pagkukwento, paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon) |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** *(Pagpili ng mga Materyal)* | Canva. Images and Graphic Elements. Accessed 8 May 2025. https://www.canva.com/.<br>Canva. Infographic Elements and Stock Images. Accessed 8 May 2025. https://www.canva.com/.<br>Department of Education. K to 12 Curriculum Guide: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. 2020. |

| | |
|---|---|
| | Department of Health. Mas Ligtas ang Nakamask! 2020. Accessed 8 May 2025. https://doh.gov.ph.<br>DepEd Learning Portal. Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino – Learning Materials. 2020.<br>Jones, James K. "Social Media Users Statistics 2025." James K. Jones, 5 Apr. 2025, https://jameskjones.pages.dev/thiys-social-media-users-statistics-2025-mpyja/.<br>Komiks: Barayti ng Wika. Diyalogo ni Niel Orven A. Talavera, ilustrasyon: Ginamit ang StoryboardThat, 2020.<br>Quizziz Application. https://quizizz.com/admin/quiz/681f008d0aacb4bb39d680c3.<br>Santiago, Rosario. Pag-unawa sa Awdiyens: Mga Konsiderasyon sa Komunikasyon. Phoenix Publishing House, 2022.<br>Scribd. Module: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. 2020, https://www.scribd.com/document/470223967/MODULE-Maam-Ceres-2020-2021.<br>SEAMEO-INNOTECH. Senior High School Modelling. 2020, https://www.seameo-innotech.org/wp-content/uploads/2020/04/Research_Report-SHS_Modelling.pdf.<br>SEAMEO-INNOTECH. 21st Century Skills in the Philippines. 2017.<br><br>Tibordo, Sigrid F. Iba na ang May Kooperatiba. Sariling Likhang Komiks, 2021.<br><br>*Upang maakses ang mga kagamitan, magtungo lamang sa:*<br><br>*https://www.canva.com/design/DAGmu0lF-_0/_770gsG_NfU7pdHk9Eg5Ew/view?utm_content=DAGmu0lF-_0&utm_campaign=designshare&utm_medium=link2&utm_source=uniquelinks&utlId=h54a2a2a8fc*<br><br>*https://r4adeped2-my.sharepoint.com/:w:/g/personal/sigrid_tibordo_r4a-2_deped_gov_ph/ESu9qSNVIjdHqUhvEpmAgtIB30Bbl5BqoPkIAcihPZFzlA?e=WjJoSv* |
| *(Kailangang maisagawa ang mga ito sa bawat paksa o kasanayang pampagkatuto)* | |
| **III. NILALAMAN** *(Pagsasaayos ng Nilalaman)* | Unang Araw:<br>● **Paggamit ng Wika Ayon sa Layunin**<br>● **Tatlong Pangunahing Layunin ng Wika**<br><br>Ikalawang Araw:<br>● **Konsiderasyon sa Pag-unawa ng Awdiyens** |

<table>
<tr><td>IV. TUNGUHIN<br>(Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin at Pagsusuri ng mga Gawain)</td><td colspan="2">Nakagagamit ng angkop at mabisang wika at estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal) sa iba't ibang layunin.<br>1. Natutukoy ang estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal at leksikal) sa pagpapahayag, pasulat man o pasalita.<br>2. Nasusuri ang sitwasyong komunikatibo batay sa layunin nito.<br>3. Nailalapat ang angkop at mabisang wika batay sa praktikal na konteksto.<br><br>Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa awdyens (hal. pagtatanong, pagkukwento, paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon).<br>1. Nailalahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng personal at interpersonal na komunikasyon.<br>2. Nasusuri ang layunin (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon) ng isang tiyak na senaryo ng talastasan.<br>3. Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon nang may pagsasaalang-alang sa layunin at pag-unawa sa awdiyens (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon).</td></tr>
<tr><td colspan="2">V. PAMAMARAAN (Marapat na may 2-3 gawain sa bawat bahagi)</td><td>TALA SA GURO<br>(Panuto sa guro sa kung paano isasakatuparan ang mga gawain.)</td></tr>
<tr><td colspan="3">Nakagagamit ng angkop at mabisang wika at estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal) sa iba't ibang layunin.<br>1. Natutukoy ang estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal at leksikal) sa pagpapahayag, pasulat man o pasalita.<br>2. Nasusuri ang sitwasyong komunikatibo batay sa layunin nito.<br>3. Nailalapat ang angkop at mabisang wika batay sa praktikal na konteksto.</td></tr>
<tr><td>A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman<br>Opsiyon A: Basa-Suri<br>Panuto: Basahin at suriin ang sumusunod na talata at sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br><br>Ang depresyon major depressive disorder ay isang tahimik na pakikibaka na kadalasang hindi nabibigyang-pansin ng maraming tao. Ang mga dumaraan sa depresyon, may ngiti sa</td><td>Sa unang bahagi ng pagsisimula ng gawain, hahanguin ang dating kaalaman ng mga mag-aaral. para sa bahaging ito, isasagawa ang Basa-Suri. Ang Basa-Suri ay inaangklahan sa mga content at performance</td></tr>
</table>


| | | |
|---|---|---|
| | *labi, ay may nakatagong kirot sa dibdib na mahirap mailarawan. Nagkukubli ang mga biktima ng depresyon sa iba't ibang anyo. May mga kumikilos nagsasalita nang karaniwan, may nagbabago naman ang kilos at pananalita na taliwas sa dating kinagawian. sa loob ng mga anyong ito ay may gumuguhong mundo na mahirap buuin at paglabanan.*<br><br>*Ang mga tinatamaan nito ay pinapanawan ng dating sigla. maging ang simpleng pagbangon ay nagiging isang mabigat na hamon. may mga pinipiling tapusin ang sariling buhay. Mahalagang mabatid ng marami ang kahalagahan ng pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan at kung paano aagapay sa mga taong dumaranas nito.*<br><br>Gabay na Tanong:<br>1. Naranasan na rin ba ninyong sumulat ng talata?<br>2. Kung ihahambing ang mga naisulat ninyong talata sa talatang inyong binasa, ano ang napansin ninyong pagkakaiba sa paraan at estruktura ng pagkakasulat?<br>3. Kung ganitong estruktura ang gagamitin ninyo sa pagsulat, madali ba itong mauunawaan ng babasa? Ipaliwanag.<br>4. Kung muli mong isusulat ang talata, ano ang maimumungkahi mo para maging malinaw ang nilalaman nito? | standards, learning competencies, at **21st-century skills** ng SHS Framework, kaya't ito ay mabisang estratehiya upang paunlarin ang kakayahan sa masusing pagbasa at mapanuring pagsulat ng mga mag-aaral.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Natutukoy ang estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal at leksikal) sa pagpapahayag, pasulat man o pasalita. |
| | **Opsiyon B: Tagisan ng Dating Kaalaman**<br>*Panuto: Pumunta sa Quizziz gamit ang app o website. Pumunta sa link na* ***https://quizizz.com/admin/quiz/681f008d0aacb4bb39d680c3*** *upang ma-access ang pagsusulit.* | Ang **Quizizz** ay isang teknolohikal na kagamitan (ICT tool) na tumutulong sa **Interactive Learning.** Ang gawaing ito ay maaaring isagawa sa paraang *offline.* Kapag isasagawa ito sa paraang *offline*, gawin ang sumusunod na paraan: (1) |

| | | |
|---|---|---|
| | | Pumunta sa link; (2) *Screenshot* ang bawat *slide;* (3) Ilagay sa sariling PowerPoint ang slide na na-*screenshot*. |
| | 2. Paglalahad ng Layunin<br>**Opsiyon A: Hula-Salita**<br>*Panuto: Punan ng nawawalang titik upang mabuo ang salita.*<br><br>1. Ito ay ang pormasyon o komposisyon ng mga parte o elemento ng isang bagay na komplikado<br><br>E _ T _ _ K _ _ _ A<br><br>2. Nangangahulugang tunguhin o mithiin na kailangan makamit, makamtan o maisakatuparan na may kaakibat na pagkilos.<br><br>L _ Y _ _ I _<br><br>3. Kasingkahulugan ng salitang epektibo.<br><br>M _ _ I _ A | Magandang ideya ang **"Hula-Salita"** bilang isang **masaya at interaktibong gawain** na nakatuon sa **pagpapayaman ng bokabularyo at pag-unawa sa konteksto ng wika**.<br><br>*Inaasahang sagot*<br>*1. ESTRUKTURA*<br>*2. LAYUNIN*<br>*3. MABISA*<br>*4. ANGKOP*<br>*5. WIKA*<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Natutukoy ang estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal at leksikal) sa pagpapahayag, pasulat man o pasalita. |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Tumutugma o akma sa kalagayan, pangyayari, pangangailangan, at naayon sa mga pamantayan, batas, o kagandahang asal.<br><br>_ N _ K _ P<br><br>5. Isang bahagi ng pakikipagtalastasan.<br><br>W _ _ A<br><br>**Gabay na Tanong:**<br>1. Mula sa inyong nabuo, ano ang napansin ninyo sa mga salitang ito?<br>2. Paano ninyo maiuugnay ang mga salitang ito sa araling ating tatalakayin sa araw na ito? | *Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE5) Gawain Bilang 1* |
| | **Opsiyon B: Tama-Wika**<br>*Panuto: Basahin ang dalawang pangungusap sa ibaba. Isulat muli ang mga ito gamit ang angkop at mabisang wika.*<br><br>*Orihinal: “Mayor, bigay mo na ‘yung ayuda.”*<br>*Tama:* ___________________________________<br><br>*Orihinal: “Hoy, Guro! Teka lang, may tanong ako.”*<br>*Tama:* ___________________________________ | Ang gawaing **Tama-Wika** ay susukat sa kakayahan ng mag-aaral sa paggamit ng **angkop at mabisang wika**. Sa bahaging ito, masasanay ang mag-aaral sa **isang epektibong pakikipagtalastasan.**<br><br>*Inaasahang sagot*<br>*1. Mawalang galang na po Mayor, maaari na po ba naming matanggap ang ayuda?* |

| | | |
|---|---|---|
| | | *2. Maaari po ba akong magtanong guro?*<br>*(Ang sagot sa bahaging ito ay nakabatay sa kaalaman ng mag-aaral.)*<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nailalapat ang angkop at mabisang wika batay sa praktikal na konteksto. |
| **B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman** | 1. Paglalahad ng Halimbawa<br>**Opsiyon A: Basa-Suri-Limi**<br>*Panuto: Piliin sa kahong nasa ibaba ng babasahin ang angkop na kohesyong gramatikal na bubuo sa diwa ng mga pangungusap.*<br><br>*Ang depresyon ___ major depressive disorder ay isang tahimik na pakikibaka na kadalasang hindi nabibigyang-pansin ng maraming tao. Ang mga dumaraan ____, ____________ may ngiti sa labi, ay may nakatagong kirot sa dibdib na mahirap mailarawan. Nagkukubli ang mga biktima ____ sa iba't ibang anyo. May mga kumikilos ____ nagsasalita nang karaniwan, may nagbabago naman ang kilos at pananalita na taliwas sa dating kinagawian. ___________ sa loob ng mga anyong ito ay may gumuguhong mundo na mahirap buuin at paglabanan.*<br><br>*_____________ sa mga tinatamaan nito ay pinapanawan ng dating sigla. _____________, maging ang simpleng pagbangon ay nagiging isang mabigat na hamon. ___________, may mga pinipiling tapusin ang sariling buhay. _________ mahalagang* | Para sa gawaing ito, may kalayaan ang guro na gamitin ang teksto na nababatay sa kanilang lokal upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang nilalaman ng teksto. Ipapasok ng guro ang tungkol sa **Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon.** Sa bahaging ito, masusukat ang kaalaman ng mag-aaral sa paggamit ng mga pananda upang maging mabisa ang pagpapahayag. Kalapit din dito ang ang estratehiyang **Contextualized Instruction** kung saan |

| | | |
|---|---|---|
| | *mabatid ng marami ang kahalagahan ng pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan at kung paano aagapay sa mga taong dumaranas nito.*<br><br>Kadalasan — o — bagamat — Kung kaya<br>Minsan — at — Ang matindi pa — subalit<br>dito — nito<br><br>Gabay na Tanong:<br>1. Paano nakatulong ang mga pananda sa ikaaayos ng estruktura ng mga pangungusap sa babasahin?<br>2. May mga pahayag na matatagpuan sa binasa gaya ng *gumuguhong mundo* at *tapusin ang sariling buhay,* ano pa ang ibang salita na maaaring itumbas sa mga ito?<br>3. Sa inyong palagay, angkop bang ihalili ang mga tinukoy ninyong katumbas na salita sa orihinal na pahayag mula sa babasahin? Ipaliwanag.<br>4. Paano nakatutulong ang kaangkupan ng salita sa mabisang komunikasyon?<br>5. Mula rito, matutukoy ba ang layunin ng babasahin? Ipaliwanag. | ginamit sa pagtuturo **ang *konteksto ng mag-aaral* — kanilang lokal na wika, kultura, karanasan, at sitwasyon sa buhay — upang mas maging epektibo at makabuluhan ang pagkatuto.**<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Natutukoy ang estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal at leksikal) sa pagpapahayag, pasulat man o pasalita. |
| | **Opsiyon B: Sabihin Mo Sa'kin!**<br>*Panuto: Sa paraang pasalita, bumuo ng mga angkop at mabisang pahayag batay sa mga sumusunod na larawan. Ibahagi ito sa klase.* | Para sa gawaing ito, malaya ang mga mag-aaral na maipahayag gamit ang angkop at mabisang paraan ng pagpapahayag. Ang bahaging ito ay may integrasyon sa **21st Century Skills** na nakaangkla sa **Empathy & Cultural Awareness – Pagbibigay ng sensitibong** |

| | | |
|---|---|---|
| | <br>Lolo mong galing probinsya<br><br>Prinsipal ng iyong paaralan<br><br>Kaibigan mong sosyal | **pahayag batay sa emosyonal na konteksto ng larawan.**<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nasusuri ang sitwasyong komunikatibo batay sa layunin nito. |
| | 2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto<br>**Paggamit ng Wika Ayon sa Layunin**<br>Ang wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi isang mabisang instrumento upang maiparating ang iba't ibang layunin ng pagsasalita o pagsusulat. Ang angkop na wika at estruktura ay dapat iayon sa intensiyon ng nagsasalita o manunulat upang maging epektibo ang mensahe.<br><br>**Tatlong Pangunahing Layunin ng Wika:**<br>**1. Nagbibigay-impormasyon (Informative)**<br>Layunin nitong ipabatid o ipaliwanag ang isang paksa, ideya, o pangyayari.<br>• Halimbawa: Pagtalakay sa epekto ng *social media* sa pag-aaral ng mga kabataan.<br>• Ang gamit ng wika ay obhetibo, malinaw, tiyak ang datos, walang emosyonal na pagkiling.<br>• Sinusunod ang estrukturang ito: Introduksiyon → Detalyadong paliwanag → Buod o kongklusyon | Sa bahaging ito, tatalakayin ng guro ang tungkol sa paggamit ng wika ayon sa layunin. Bahagi rin ng aralin ang iba’t ibang layunin sa paggamit ng wika. Dito mas mauunawaan ng mga mag-aaral ang angkop na paggamit ng wika para sa mabisang komunikasyon. Malaya rin na magdagdag pa ang guro ng kaniyang input para sa lalong pagkaunawa sa aralin.<br><br>Maaaring talakayin ang bagong konsepto sa iba’t ibang kaparaanan. Ito ay |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Nanghihikayat (Persuasive)**<br>Layunin nitong kumbinsihin o hikayatin ng tagapakinig o mambabasa na tanggapin ang pananaw o kumilos batay sa mungkahi.<br>● Halimbawa: Panawagan na iwasan ang paggamit ng plastik.<br>● Ang gamit na wika ay mapanghikayat, may emosyon, gamit ang mga lohikal na argumento at patunay.<br>● Sinusunod ang estrukturang ito: Paglalahad ng problema → Pangangatwiran → Panawagan o hamon<br><br>**3. Nagpapahayag ng damdamin (Expressive)**<br>Layunin nitong ipahayag ang personal na damdamin, saloobin, o karanasan.<br>● Halimbawa: Pagbabahagi ng karanasang nakapagpabago ng pananaw.<br>● Ang gamit na wika ay malikhain, masining, gumagamit ng tayutay, damdamin<br>● Sinusunod ang estrukturang ito: Simula ng damdamin → Detalye ng karanasan → Mensaheng nais ipabatid<br><br>**Iba pang Layunin sa Paggamit ng Wika**<br>**1. Pagsisimula ng pakikipag-ugnayan (Phatic)**<br>- ginagamit ang wika bilang panimula ng isang usapan o pakikipagugnayan sa kapuwa<br>Halimbawa: Kumusta ka na pinakamamahal kong kaibigan?<br><br>**2. Paggamit bilang sanggunian (Referential)**<br>- ito ay ang paggamit ng wikang nagmula sa aklat.<br>Halimbawa: diyaryo<br><br>**3. Pagbibigay kuro-kuro (Metalingual)**<br>- pagbibigay ng opinyon sa mga bagay-bagay.<br>Halimbawa: pagpapahayag ng sariling saloobin sa isang partikular na bagay. | maaaring sa isang laro kung saan papangkatin ang mga mag-aaral sa pitong pangkat (pagbatayan ang bilang ng mga mag-aaral sa klase sa bilang ng pangkat) at ipakikita ang iba't ibang layunin ng wika sa pamamagitan ng pag-arte.<br>(Maaari ding gumamit ang guro ng ibang estratehiya na papasok sa kakayahan ng kaniyang mga mag-aaral upang maging buhay ang klase).<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Natutukoy ang estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal at leksikal) sa pagpapahayag, pasulat man o pasalita. |

| | | |
|---|---|---|
| | **4. Patalinghaga (Poetic)**<br>- isang masining na paraan sa pagpapahayag<br>Halimbawa :tula tungkol sa pag-ibig<br><br>**Bakit mahalaga ang pag-aangkop ng wika sa layunin ng nagsasalita o manunulat?**<br>Kapag ang wika ay hindi akma sa layunin, nagiging malabo, mahina, o walang dating ang mensahe. Ang mabisang komunikasyon ay nakasalalay sa kung paano isinasaalang-alang ang layunin, tagapakinig, at konteksto ng sitwasyon. | |
| | 3. Paglinang ng Kabihasaan<br>**Opsiyon A: Suri-Komiks**<br>*Panuto: Suriing mabuti ang dalawang komik istrip sa ibaba. Sagutin ang mga katanungang nasa ibaba.* | Ang pagsusuri ng komiks ay isang makabuluhang paraan upang linangin ang mga kasanayang kinakailangan sa **ika-21 siglo**. Sa pamamagitan ng **pag-unawa at pag-analisa** sa mga elemento ng komiks—tulad ng teksto, larawan, at layout—**nahahasa ang mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, komunikasyon, at pakikipagtulungan**. Para sa malinaw na sipi ng komik istrip, iakses ang link na https://r4adeped2-my.sharepoint.com/:w:/g/personal/sigrid_tibordo_r4a-2_deped_gov_ph/ESu9qSNVIjdHqUhvEpmAgtIB30Bbl5BqoPkIAcihPZFzlA?e=WjJoSv |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>




- *Tibordo, Sigrid F. (2021). Iba na ang May Kooperatiba. Sariling Likhang Komiks.*


</td>
<td>

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:


Nasusuri ang sitwasyong komunikatibo batay sa layunin nito.

*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE5) Gawain Bilang 2*

</td>
</tr>
</table>





- *Diyalogo ni: Niel Orven A. Talavera - Ilustrasyon: Ginamit ang StoryboardThat*

| | | |
|---|---|---|
| | Mga Gabay na Tanong:<br>1. Ano ang napansin mo sa ginamit na wika ng dalawang *komik istrip?*<br>2. Angkop ba ang ginamit na mga salita sa *komik istrip? Bakit?*<br>3. Naging mabisa ba ang pagkakagamit ng wika sa *komik istrip?* Ipaliwanag.<br>4. Batay sa iyong pagkaunawa, ano ang layunin ng unang *komik istrip?* ng ikalawang *komik istrip?* | |
| | **Opsiyon B: Peacebook *(Facebook)* Tayo!**<br>*Panuto: Bilang isang aktibong mamamayan sa digital na mundo, gamitin ang iyong plataporma sa Peacebook (Facebook) upang ipahayag ang iyong saloobin hinggil sa isang napapanahong isyu sa ating lipunan. Tiyaking angkop, maayos, at may paggalang ang mga salitang gagamitin sa iyong komento. Isaalang-alang ang mga kasanayang komunikatibo at kritikal na pag-iisip sa pagbabahagi ng iyong pananaw.*<br> | Ang paggamit ng *Facebook (Peacebook)* ay isang makapangyarihang kasangkapan sa paglinang ng mga kasanayang kinakailangan sa **ika-21 siglo**. Sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa talakayan at pagbabahagi ng opinyon, **nahahasa ang mga kasanayan sa komunikasyon at pakikipagtulungan.** Ang paggawa at pagbabahagi ng mga nilalaman tulad ng mga *post*, larawan, at bidyo ay **nagpapalawak sa imahinasyon at kakayahang mag-isip nang malalim, na nagpapalago ng pagkamalikhain at kritikal na pag-iisip.** |

| | | |
|---|---|---|
| | | Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br>Nailalapat ang angkop at mabisang wika batay sa praktikal na konteksto.<br><br>Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:<br>Paggamit ng multimedia sa online conversations mga usapang online (hal., voice notes, GIFs, images, atbp.)<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE5) Gawain Bilang 3* |
| **C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan** | 1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon<br>**Opsiyon A: Suri-Wika**<br>*Panuto: Bilang bahagi ng pag-unawa sa mga sitwasyong komunikatibo, suriin ang bawat pahayag upang matukoy ang layunin ng paggamit ng wika. Ipaliwanag kung anong layunin ng wika ang ipinapakita sa bawat sitwasyon at bigyang-linaw kung paano ito naipahahayag sa pamamagitan ng wika.*<br><br>1. "Ang climate change ay isang seryosong isyu. Ayon sa datos ng UN, tumataas ang temperatura ng mundo kada taon..."<br>2. “Bilang kabataan, tungkulin nating magtanim ng puno at magbawas ng paggamit ng plastik. Sama-sama nating pangalagaan ang kalikasan!" | Ang gawaing ito ay nagpapalalim sa mga kasanayang kinakailangan sa ika-21 siglo, partikular ang **kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at pagkatuto kung paano matuto**. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pahayag upang matukoy ang layunin ng paggamit ng wika, **nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag-analisa at** |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. "Hindi ko malilimutan ang gabing iyon. Tahimik ang paligid ngunit punô ako ng kaba..." | **magbigay ng makatuwirang interpretasyon, na siyang esensya ng kritikal na pag-iisip.**<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nasusuri ang sitwasyong komunikatibo batay sa layunin nito. |
| | **Opsiyon B: Sulat-Komiks**<br>*Panuto: Gamitin ang iyong natutuhan upang bumuo ng diyalogo para sa inihandang komik istrip. Tiyakin na ang wika ay angkop, malinaw, at epektibong nagpapahayag ng damdamin, layunin, at personalidad ng bawat tauhan.*<br> | Ang gawaing **Sulat-Komiks** ay nagpapalawak pa rin sa mga kasanayan sa ika-21 siglo, partikular ang **komunikasyon, pagkamalikhain, at kritikal na pag-iisip.** Sa paglikha ng diyalogo, **nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng ideya at damdamin sa isang malinaw at epektibong paraan, na siyang esensya ng mahusay na komunikasyon.**<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: |

| | | |
|---|---|---|
| | | Nailalapat ang angkop at mabisang wika batay sa praktikal na konteksto.<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE5) Gawain Bilang 4* |
| | 2. Paglalahat<br>**Opsiyon A:**<br>*Panuto: Punan ang graphic organizer ng mga uri ng layunin sa paggamit ng wika.*<br><br> | Ang paggamit ng **graphic organizer** ay nagpapalawak sa mga kasanayan sa ika-21 siglo, partikular ang **kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at pagkatuto kung paano matuto**. Sa pamamagitan ng mga visual na representasyon tulad ng concept map, natututo ang mga mag-aaral na **mag-analisa, magkumpara, at mag-organisa ng mga ideya, na nagpapalalim ng kanilang pag-unawa at pagpapasiya**.<br><br>*Inaasahang sagot*<br>*1. Nagbibigay-impormasyon*<br>*2.Nanghihikayat*<br>*3. Nagpapahayag ng damdamin*<br>*4. Pagsisimula ng pakikipag-ugnayan* |

| | | |
|---|---|---|
| | | *5. Paggamit bilang sanggunian*<br>*6. Pagbibigay kuro-kuro*<br>*7. Patalinghaga*<br><br>Ang bahaging ito ay maaaring isagawa sa paraang *oral recitation* o maaaring isagawa sa pisara.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Natutukoy ang estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal at leksikal) sa pagpapahayag, pasulat man o pasalita. |
| | **Opsiyon B: Akrostik**<br>*Panuto:* Bumuo ng akrostik batay sa salitang LAYUNIN na naglalahad ng *iyong mga natutuhan mula sa mga gawain na isinagawa at sa araling tinalakay.* | Para sa gawaing ito, ninanais na mailahad ang kanilang mga natutuhan gamit ang **akrostik**. Sa pamamagitan nito, nabubuod ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutuhan. |

| | | |
|---|---|---|
| | **L** –<br>**A** –<br>**Y** –<br>**U** –<br>**N** –<br>**I** –<br>**N** – | *Inaasahang sagot*<br>***L** - Linangin ang kaalaman sa bawat aralin.*<br>***A** - Alamin ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa.*<br>***Y** - Yakapin ang mga aral na nagbibigay saysay sa pagkatuto.*<br>***U** - Unawain ang mga konseptong napag-aralan nang mas malalim.*<br>***N** - Nalinang ang kasanayan sa pagsusuri at pag-unawa.*<br>***I** - Ipakita ang respeto at pagiging bukas sa iba't ibang pananaw.*<br>***N** - Naging mas responsable sa pagtupad ng mga tungkulin sa grupo at indibidwal na gawain.*<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Natutukoy ang estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal at leksikal) sa pagpapahayag, pasulat man o pasalita. |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Pagtataya<br>**Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian**<br>Panuto: *Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng pinakawastong sagot na kumakatawan sa angkop at mabisang paggamit ng wika at estruktura batay sa layunin, sitwasyon, at konteksto ng komunikasyon.*<br>1. Alin sa sumusunod ang **HINDI** angkop na gamitin sa pormal na sulatin?<br>A. Nais kong ipahayag<br>B. Ay naku! Grabe ka talaga!<br>C. Ipinababatid ko po sa inyo!<br>D. Ako po ay lumalapit sa inyo.<br><br>2. Ano ang layunin ng isang talumpati na nagtuturo ng wastong nutrisyon?<br>A. Manlibang<br>B. Mang-aliw<br>C. Magpabatid<br>D. Manghikayat<br><br>3. Alin sa sumusunod ang pinakamabisang simula para sa isang sanaysay tungkol sa edukasyon?<br>A. Ang saya-saya ko kapag nag-aaral ako.<br>B. Alam n'yo ba na mahirap talaga mag-aral?<br>C. Ewan ko ba kung bakit kailangan pang mag-aral.<br>D. Ang edukasyon ay susi sa tagumpay ng isang mamamayan.<br><br>4. Paano nagiging mabisa ang wika sa isang talumpati?<br>A. Kapag gumamit ng iba't ibang uri ng tayutay<br>B. Kapag may kasamang biro sa bawat linyang binitawan<br>C. Kapag ito ay makatawag-pansin at malinaw sa layunin<br>D. Kapag mahaba at malalim ang mga salitang ginamit sa pahayag | Ang pagsusulit na ito ay tumutukoy sa kakayahan ng mag-aaral na pumili at gumamit ng angkop at mabisang wika at estruktura sa iba't ibang uri ng komunikasyon. Tiyaking nauunawaan ang konteksto ng bawat sitwasyon upang makapili ng tamang sagot.<br><br>*Inaasahang sagot*<br>*1. B*<br>*2. C*<br>*3. D*<br>*4. C*<br>*5. B* |

| | | |
|---|---|---|
| | 5. Alin sa sumusunod ang **HINDI** epektibong paraan ng paglalahad ng opinyon?<br>A. Naniniwala ako na angkop ang iyong …<br>B. kasi naman, wala na akong choice eh!<br>C. Para sa akin, mas mainam kung ang gagawin mo …<br>D. Sa aking palagay, mas makabubuti kung ito ang totoong… | |
| | **Opsiyon B: Tama o Mali**<br><br>Panuto: Suriing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang **TAMA** kung wasto at kung hindi, salungguhitan ang salitang nagpamali rito, matapos ay isulat sa patlang ang wastong salita.<br><br>_____ 1. Ang pagsasaalang-alang sa antas ng wika ay nakatutulong upang epektibong maiparating ang mensahe.<br>_____ 2. Mas madaling maunawaan ang mensahe kung ito ay binibigkas sa wikang angkop sa tagapakinig.<br>_____ 3. Ang paggamit ng maayos na estruktura sa pagsulat ay nakatutulong upang maging malabo ang mensahe.<br>_____ 4. Dapat isaalang-alang ang layunin ng pagsulat upang makapili ng angkop na wika at estruktura.<br>_____ 5. Ang wika ay dapat piliin ayon sa kausap, layunin, at konteksto ng komunikasyon. | *Inaasahang sagot*<br>*1. TAMA*<br>*2. TAMA*<br>*3. <u>malabo</u> - malinaw*<br>*4. TAMA*<br>*5. TAMA* |
| | 4. Karagdagang Gawain<br>**Opsiyon A: Dula-Wika**<br>*Panuto: Magsasagawa ng isang maikling dula-dulaan kung saan isasadula ang isang sitwasyon, at kailangang magpahayag ang mag-aaral gamit ang wika batay sa layunin.* | Ang gawaing ito ay puwedeng *i-contextualize* ayon sa lokal na kultura at karanasan ng mga estudyante (hal. gamit ang isyung pampamayanan, lokal na dayalekto, o karaniwang sitwasyon sa paaralan). |

*Pamantayan sa Pagmamarka*

| Antas | Deskripsyon |
|---|---|
| **5 - Napakahusay** | Lubos na malinaw, angkop, at epektibo ang paggamit ng wika batay sa layunin ng sitwasyon. Kapani-paniwala ang pagganap, malinaw ang mensahe, at masining ang presentasyon. |
| **4 - Mahusay** | Malinaw at angkop ang gamit ng wika, may kaunting kakulangan sa emosyon o detalye ngunit naiparating ang layunin. Maayos ang kilos at daloy ng dula. |
| **3 - Katamtaman** | Nauunawaan ang layunin ngunit may ilang kalabuan sa wika o pagganap. Hindi masyadong kapansin-pansin ang emosyon o ekspresyon. |
| **2 - Di-Gaanong Mahusay** | Hindi malinaw ang paggamit ng wika sa konteksto ng dula. May pagkakagulo sa presentasyon at hindi agad mauunawaan ang mensahe. |
| **1 - Hindi Mahusay** | Hindi naipakita ang layunin ng wika sa dula. Hindi wasto o epektibo ang pagganap. Walang linaw sa mensahe at kulang sa organisasyon ang pagtatanghal. |

**Opsiyon B:**

*Panuto: Bumuo ng isang informative speech na binubuo lamang ng pito hanggang sampung pangungusap tungkol sa isang makabuluhang isyu sa inyong komunidad.*

*Pamantayan sa Pagmamarka*


| Antas | Deskripsyon |
|---|---|
| **5 - Napakahusay** | Malinaw, lohikal, at makabuluhan ang nilalaman. Naipapakita ang malalim na pag-unawa sa isyu. Ang wika ay angkop, organisado, at madaling sundan. |
| **4 - Mahusay** | Ang nilalaman ay malinaw at may kabuluhan. May kaunting kakulangan sa organisasyon o detalye pero naiparating ang layunin ng talumpati. |
| **3 - Katamtaman** | May ideya tungkol sa isyu ngunit may kalabuan o kakulangan sa paliwanag. Ang daloy ay hindi gaanong organisado. |
| **2 - Di-Gaanong Mahusay** | Hindi malinaw ang punto o mensahe. Kakaunti ang impormasyon at hindi sapat upang maipaliwanag ang isyu. |
| **1 - Hindi Mahusay** | Hindi angkop ang nilalaman; walang saysay o hindi nauu |

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:

Nailalapat ang angkop at mabisang wika batay sa praktikal na konteksto.

**Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa awdiyens (hal. pagtatanong, pagkukwento, paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon).**



1. Nailalahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng personal at interpersonal na komunikasyon.




<table>
<tr><td colspan="3">2. Nasusuri ang layunin (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon) ng isang tiyak na senaryo ng talastasan.<br>3. Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon nang may pagsasaalang-alang sa layunin at pag-unawa sa awdiyens (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon).</td></tr>
<tr><td>A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>Paghango sa Dating Kaalaman<br>Opsiyon A: Venn Diagram<br>Panuto: Isulat sa loob ng diyagram ang pagkakatulad at pagkakaiba ng personal at interpersonal na komunikasyon.<br><br></td><td>Sa pagsisimula ng aralin, hahanguin ng guro ang dating kaalaman ng mga mag-aaral sa personal at interpersonal na komunikasyon. Nakaangkla ito sa Inquiry-Based Learning (IBL) kung saan sinusuri ang konsepto gamit ang diagram upang paghambingin ang konsepto.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nailalahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng personal at interpersonal na komunikasyon.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Opsyon B: Pik-Suri**<br>*Panuto: Suriin ang dalawang larawan at sagutin ang sumusunod na mga tanong:*<br> <br>1. Ano ang ginagawa ng nasa una at ikalawang larawan?<br>2. Paano nagkakaiba ang paraan ng kanilang pakikipagkomunikasyon?<br>3. Batay sa naunang aralin, ano ang tawag sa pakikipagkomunikasyong ipinakikita sa unang larawan? Ano naman ang tawag sa pakikipagkomunikasyong ipinakikita sa ikalawang larawan? | Depende sa mga mag-aaral na tinuturuan, malaya ang guro na pumili ng estratehiyang nakahain sa lesson exemplar ayon sa kakayahan at kasanayang taglay ng mga ito. Opsiyon ang gawaing ito upang isaalang-aalang ang mga mag-aaral na may kalakasang biswal sa ilalim ng mutiple intelligences.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br>Nailalahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng personal at interpersonal na komunikasyon. |
| | 2. Paglalahad ng Layunin<br><br>**Opsiyon A: Tara, Usap Tayo!**<br>Panuto: Bumunot ng larawan at ilahad kung paani mo itatanong sa nabunot na tao ang pahayag na *"Bakit hindi niya ako pinili?"* Suriin ang kaparaanan kung paano ito itanong kumporme sa personalidad ng nabunot na indibidwal at sagutin ang mga tanong. | Upang maibigay sa layunin ng talakayan, maaaring gamitan ng guro ang estratehiyang *Tara, Usap Tayo!* Ang gawaing ito ay nakatuon sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa **epektibong pakikipagtalastasan, empatiya**, at **pagkilala sa** |


| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>Gabay na tanong:<br>1. Magkakapareho ba ang paraan ng pagtatanong na ipinakita ng inyong mga kamag-aaral sa iba’t ibang tao na kanilang kinausap? Ilarawan.<br>2. Ano ang mga isinasaalang-alang natin sa pakikipag-usap sa kapwa?<br>3. Sa totoong senaryo ng buhay, nag-iiba-iba rin ba ang paraan ng ating pagkikipag-usap batay sa awdiyens o kausap? Ipaliwanag.<br>4. Mula rito, ano sa palagay ninyo ang paksang ating tatalayin? | **pantayong pananaw**. Sa pamamagitan ng pagbunot ng larawan ng isang tauhan (hal. nanay, pulis, tatay, o kaibigan), inaasahan ang mag-aaral na mag-isip kung paano niya ihahayag ang tanong na "**Bakit hindi niya ako pinili?**" batay sa kontekstong angkop sa taong kinakausap. Umaayon ito sa nais itakda ng **21st Century Skills, partikular sa communication** kung saan naipapahayag ng mag-aaral ang kaisipan gamit ang angkop na wika at tono. at **Empathy and Social Awareness** kung saan naipamamalas ang pag-unawa sa damdamin at paninindigan ng iba.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nailalahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng personal at interpersonal na komunikasyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Opsiyon B: Tapat Dapat**<br>Panuto: Itapat ang nagpapahayag sa angkop na awdiyens.<br> <br> <br>  | Ang gawaing ito ay nagpapalalim ng **pag-unawa ng mga mag-aaral sa konsepto ng audience awareness** sa komunikasyon. Sa pamamagitan ng pagsasanay kung paano itatapat ang isang pahayag sa tamang awdiyens, natututo ang mga mag-aaral na **isaalang-alang ang konteksto, pangangailangan, saloobin, at antas ng pag-unawa batay sa Sikolohiyang Pilipino** ng bawat uri ng awdiyens. Tumutugon ito sa **Contextualized Instruction na nagbibigay-halaga sa kaugnayan ng aralin sa tunay na buhay**. Sa pagtukoy kung para kanino nararapat ang isang pahayag, matututo ang mag-aaral ng **mas epektibong pakikipagtalastasan**.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nailalahad ang pagkakatulad at |

| | | |
|---|---|---|
| |  <br><br>Gabay na tanong:<br><br>1. Ano ang iyong naunawaan/naintindihan/natutuhan mula sa isinagawang aktibidad?<br>2. Bakit mahalagang isaalang-alang ang awdiyens sa anumang uri ng sitwasyong komunikatibo?<br>3. Marapat bang iangkop ang layunin ng talastas sa target na awdiyens? | pagkakaiba ng personal at interpersonal na komunikasyon.<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE5) Gawain Bilang 5* |
| **B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman** | 1. Paglalahad ng Halimbawa<br>**Opsyon A: SuReaksyon**<br>Panuto: Bilugan ang social media reaction button batay sa kaangkupan ng setting nito sa sitwasyong pangkomunikatibo.<br><br>1. May nais klaruhin ang mag-aaral sa guro kaya upang simulan ang usapan, nag-chat siya ng *"Sirrrrr"* o *"Ma'ammmmm"*.<br> | Ang gawaing ito ay naglalayong sanayin ang mga mag-aaral na **magsuri at magpahayag ng damdamin o tugon** sa mga sitwasyong pangkomunikatibo gamit ang mga simbolikong reaksiyon na karaniwang ginagamit sa social media. Nais nitong gawing **makabuluhan at kontekstuwal ang pag-unawa sa komunikasyon** |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Isang content creator ang nag-post ng live video ng aksidente at tahasang naka-expose ang mga duguang biktima.<br><br>3. Nag-post ng small wins ang isang netizen to inspire not to brag.<br><br>4. Nagbitaw ng opinyon ang isang news reporter sa balitang kanyang iniuulat.<br> | sa makabago at pamilyar na paraan. Kung sakaling na may akses sa internet ang guro at mga mag-aaral, maaari itong gawin sa aktwal na social media account.<br><br>Tumutugon ito sa **pagpapaunlad ng 21st Century Skills, tiyak sa Media and Information Literacy** sapagkat nagagamit ng mag-aaral ang kaalaman sa **responsableng pakikipag-ugnayan online**.<br><br>Tumutugon din ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nailalahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng personal at interpersonal na komunikasyon.<br><br>Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:<br>Paggamit ng multimedia sa online conversations mga usapang online (hal., |

| | | |
|---|---|---|
| | | voice notes, GIFs, images, atbp.)<br><br>Paglikha ng mga *digital diary* o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. *reels*, *blogs*, *vlogs*, memes, *video diaries*, atbp.)<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE5) Gawain Bilang 6* |
| | **Opsiyon B: PaskiLIMI**<br>Panuto: Suriin ang paskil na naging laganap sa panahon ng pandemya.<br><br><br> | Ang gawaing ito ay tumutulong sa mga mag-aaral na **magsuri ng mga tekstong multimodal**, partikular ang **paskil na pampubliko** bilang midyum ng mensaheng pangkalusugan. Ginagamit nito ang pamilyar na konteksto ng pandemya upang **paunlarin ang kritikal na pag-iisip** at **pag-unawa sa wasto at epektibong komunikasyon sa lipunan**.<br><br>**Inaangklahan nito ang pagpapaunlad ng 21st Century Skills, tiyak sa Critical Thinking and** |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Gabay na Tanong:
<ol>
<li>Ano ang layunin  ng paskil?</li>
<li>Sino ang target nitong awdiyens?</li>
<li>Kung ang tumbas sa Filipino ng mask ay maskara, marapat ba itong gamiting termino sa paglalahad ng mensahe ng nais ikampanya ng karatula?</li>
<li>Sa sitwasyong ito, paano papasok ang pagsasaalang-alang zsa awdiyens?</li>
</ol>
</td>
<td>Media Literacy sa pagsusuri sa tekstong biswal at verbal, natututo ang mag-aaral na tukuyin ang kaangkupan ng wika, imahe, at mensahe sa target na awdiyens; Communication na magpapalawak ang kakayahan ng mag-aaral na makipagtalastasan sa makabago at makabuluhang paraan gamit ang obserbasyon at pagsusuri at Civic Literacy.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto


</td>
<td>Bago magsimula ang aralin, ipasuri sa klase ang infographics na nagpapakita ng bilang ng aktibong gumagamit ng iba't ibang social media platforms. Hayaang pagmasdan ito ng mga mag-aaral, at pagkatapos ay itanong ang mga nakalahad na gabay.<br><br>Pinauunlad nito ang Critical Thinking sa paraan ng pagkukumpara, pagsusuri at pagbibigay-kahulugan ang datos upang</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Gabay na tanong:<br>1. Batay sa infographics, ano ang pinakapopular a social platform batay sa bilang ng aktibong gumagamit? Ano ang karaniwang **content** nito?<br>2. Alin naman ang may mababang popularidad? Ano ang content nito?<br>3. Sakaling layunin mong mag-market ng taal na produkto sa inyong lugar **gamit ang pubmat**, aling social platform ang marapat na gamitin? Ipaliwanag.<br><br>*Ipasok ang halaga ng pag-unawa sa awdiyens sa pakikisangkot sa mga sitwasyong komunikatibo.*<br><br>Mga Konsiderasyon sa Pag-unawa ng Awdiyens<br><br>1. **Kakayahan -** tumutukoy sa antas ng kaalaman, kasanayan, wika, karanasan, at interes ng mga awdiyens sa isang partikular na paksa. Mahalaga itong maiangkop sa mensahe upang ito ay maging epektibo, malinaw, at kapaki-pakinabang sa mga tatanggap.<br>2. **Kasanayan** - tumutukoy sa kakayahang linangin, unawain, at tumugon sa mensaheng naririnig o nababasa batay sa kanilang karanasan, antas ng edukasyon, at interes.<br>3. **Karanasan** - tumutukoy sa mga dating kaalaman, pananaw, at personal na pinagdaanan ng awdiyens na nakaaapekto sa kanilang pag-unawa at pagtanggap sa mensahe.<br>4. **Pangangailangan** - tumutukoy sa mga impormasyong inaasahan o hinahanap ng awdiyens na dapat tugunan ng mensahe upang maging kapaki-pakinabang at makabuluhan sa kanila.<br>5. **Saloobin**- tumutukoy sa damdamin, opinyon, at paniniwala ng awdiyens hinggil sa paksa na maaaring makaapekto sa kanilang pagtanggap sa mensahe. | maiangkop sa komunikatibong layunin.<br><br>Matapos ang pagsusuri sa infographics, ipasok ang halaga ng pag-unawa sa awdiyens sa pakikisangkot sa mga sitwasyong komunikatibo at talakayin ang aralin.<br><br>Maaaring pangkatin ang klase sa lima, bigyan ng ang bawat pangkat ng isang konsiderasyon sa pamamagitan ng bunutan at hayaan silang magpaliwanag kung paano maipakikita ang pag-unawa sa awdiyens batay sa mga konsiderasyong kanilang natanggap.<br><br>Tuon nito ang **Collaborative at Contextualized Learning kung saan** ay nagpapalalim sa diwa ng **peer learning** at binibigyang-diin ang paggalang sa iba't ibang pananaw. **Makabuluhang konteksto** ang gamit, na hinahayaan ang mga mag-aaral na **mag-isip, magsuri,** |

| | | |
|---|---|---|
| | | **at makipag-ugnayan** ayon sa realidad ng komunikasyon.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nasusuri ang layunin (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon) ng isang tiyak na senaryo ng talastasan. |
| | 3. Paglinang ng Kabihasaan<br><br>**Opsiyon A: Real Life-Lirip**<br>Panuto: Tukuyin ang pag-unawang isinaalang-alang sa awdiyens sa sumusunod na sitwasyon komunikatibo.<br>1. Lektura sa telebisyon na may sign language subtitle.<br>2. Paggamit ng terminong 'pink' sa halip na 'kalimbahin' (salin nito sa Filipino) sa isang talatanungan sa pananaliksik.<br>3. Pagpapanatili sa sarili ng mga saloobin sa mga nababasang social media comments mula sa trolls at mga naniniwala sa fake news.<br>4. Pagiging sensitibo sa baliktaktakang pumapaksa sa magkakaibang kasarian at paniniwalang panrelihiyon.<br>5. Paggamit ng reels upang maibigay nang mabilisan, tiyak at eksakto ang isang datos. | Sa gawaing ito, inaanyayahan ang mga mag-aaral na tukuyin kung aling **konsiderasyon sa pag-unawa ng awdiyens** (Kakayahan, Kasanayan, Karanasan, Pangangailangan, o Saloobin) ang isinasaalang-alang sa bawat sitwasyong komunikatibo sa aktwal na konteksto. Reflective Thinking ang pinapasukan nito sapagkat nagkakaroon sila ng pagkakataong **magmuni** sa mga impormasyong kanilang |

| | | |
|---|---|---|
| | | natatanggap at nililikha. **Gayundin ang critical Thinking and Empathy** sapagkat nakikilala ang epekto ng mga salik gaya ng wika, karanasan, o saloobin ng tagapakinig.<br><br>**At Civic and Cultural Awareness** upang lalong tumitibay ang pagkaunawa sa konteksto ng lipunang ginagalawan.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nasusuri ang layunin (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon) ng isang tiyak na senaryo ng talastasan. |
| | **Opsiyon B: Score Mo, Show Mo**<br>Panuto: Sa eskala ng 1-10, bigyan ng iskor ang sumusunod na pag-unawang isinaalang-alang sa awdiyens sa sumusunod na sitwasyong komunikatibo at bigyan ng isang pangungusap na paliwanag ang iskor.<br>1. Lektura sa telebisyon na may sign language subtitle. | May opsyon ang guro sa gawaing na nagsusulong ng **metakognitibong pagsusuri** kung saan hinihikayat ang mga mag-aaral na **magbigay ng iskor mula 1–10** sa antas ng pag-unawang ipinakita sa mga |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Paggamit ng terminong ‘pink’ sa halip na ‘kalimbahin’ (salin nito sa Filipino) sa isang talatanungan sa pananaliksik.<br>3. Pagpapanatili sa sarili ng mga saloobin sa mga nababasang social media comments mula sa trolls at mga naniniwala sa fake news.<br>4. Pagiging sensitibo sa baliktaktakang pumapaksa sa magkakaibang kasarian at paniniwalang panrelihiyon.<br>5. Paggamit ng reels upang maibigay nang mabilisan, tiyak at eksakto ang isang datos. | ibinigay na sitwasyong pangkomunikatibo. Kasama ng iskor, kailangang magbigay sila ng **maikling paliwanag** batay sa kung gaano kahusay isinasaalang-alang ang awdiyens. Layunin nitong sanayin ang mga mag-aaral sa **pagkilatis sa bisa ng komunikasyon sa tunay na buhay.**<br>Maaari din itong gawing interactive o digital poll kung may access ang klase sa teknolohiya. I-type lamang ang kanilang iskor at paliwanag sa Google Forms, Slido, o Padlet.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nasusuri ang layunin (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon) ng isang tiyak na senaryo ng talastasan. |


| | | |
|---|---|---|
| **C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan** | 1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon<br><br>**Opsiyon A: Click-klusibo**<br>Panuto: Mula sa tinalakay na aralin, lapatan ng saloobin ang social media post na pumapaksa sa laganap na comment na kadalasang hinaing ng nakararaming Millennial at Gen Z. | Ang gawaing *Click-klusibo* ay idinisenyo upang malinang sa mga mag-aaral ang kakayahang magpahayag ng makabuluhang saloobin kaugnay sa mga kontemporaryong isyu na karaniwang inilalantad sa social media, lalo na sa konteksto ng mga hinaing ng Millennials at Gen Z. Sa pamamagitan ng pagsusuri at paglalapat ng sariling saloobin sa isang social media post, natututo ang mga mag-aaral na magsuri ng mga usaping panlipunan, makiramay sa pinagdaraanan ng iba, at magpahayag ng opinyon sa isang responsableng paraan. Nakatuon ang araling ito sa pagpapalalim ng pag-unawa sa wika bilang daluyan ng kritikal na pag-iisip, pagkakakilanlan, at panlipunang ugnayan. Isinasakonteksto ito sa pamilyar na midyum ng mga mag-aaral—ang social media—upang maging makabuluhan at makabago |

| | | |
|---|---|---|
| | **National Commission of Senior Citizens**<br>Apr 14 ·<br><br>#NCSCReacts:<br><br>"**Dapat hiwalay ang FB ng matatanda!**"—ito ay isang expression na kadalasan nating nakikita sa mga comment section bilang reply kung kontra sa opinyon ng mga nakatatanda. Pero sa halip na unawain o itama sila nang maayos, ang mga ganitong komento ay naglalagay ng isang stereotype o **age-based bias** sa ating mga seniors na para bang katanggap-tanggap ang pagtutukso sa kanilang online behaviors.<br><br>Ito po ay isang example ng **Ageism** o mga **stereotypes** (kung paano tayo mag-isip), **prejudice** (kung ano ang ating nararamdaman) at **diskriminasyon** (kung paano tayo kumilos) sa iba o sa sarili batay sa edad.<br><br>Tandaan po natin na maaring ang ating mga nakatatanda ay natututo pa lang mag-explore online. Ang edad ay hindi sagabal—karapatan nating lahat makipag-ugnayan. **Let's promote digital inclusion for older persons in online spaces**!<br><br>Sa digital world, **kasama ang mga Seniors**!<br><br>#ConnectedNotDivided #DigitalInclusion #LabananAngAgeism #NCSCReacts | ang kanilang karanasan sa pagkatuto.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon nang may pagsasaalang-alang sa layunin at pag-unawa sa awdiyens (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon).<br><br>Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:<br>Paggamit ng multimedia sa online conversations mga usapang online (hal., voice notes, GIFs, images, atbp.)<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE5) Gawain Bilang 7* |












Mula sa: *https://www.facebook.com/share/p/16hNqkHczw/*



| | | |
|---|---|---|
| | **Opsiyon: DIVA-TEH**<br>Panuto: Magsagawa ng maikling pagtatalo sa paksang "*Dapat bang ihiwalay ang Facebook ng matatanda?"*<br><br>Tuntunin:<br>1. Pangkatin ang klase sa dalawa ayon sa kani-kanilang tindig tungkol sa paksa.<br>2. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang minuto upang ilahad ang kanilang katwiran sa paksa sa loob ng dalawang round.<br>3. Sa ikatlong round, magbabato ng tanong ang tigkabilang pangkat sa isa't isa na sasagutin sa loob muli ng isang minuto.<br>4. Mula sa mga naging tugon, pipili ng pangkat na mananalo ang guro.<br>5. Ang magwawagi ay hihiranging DIVArgumentarista. | Ang araling *DIVA-TEH* ay isang makabago at nakakaaliw na estratehiya sa pagtuturo ng **pagtatalo** o **argumentative discourse** sa Filipino. Layunin nitong palinangin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa lohikal, etikal, at emosyonal na pangangatwiran habang gumagamit ng mapanlikhang paraan ng pakikipagtalastasan. Sa paksang "Dapat bang ihiwalay ang Facebook ng matatanda?", hinihikayat ang mga mag-aaral na suriin ang agwat sa digital na kultura sa pagitan ng kabataan at ng mas nakatatandang henerasyon, gayundin ang epekto nito sa komunikasyon, misinformation, at social dynamics. Sa pamamagitan ng pagtatalo, natututo ang mga mag-aaral na makinig, magbigay ng salungguhit na opinyon, at gumamit ng wastong estruktura ng lohikal na pangangatwiran. Ang masining na paggamit ng wikang Filipino sa panig ng *pro* at *con* ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa isyu, at sa |

| | | |
|---|---|---|
| | | paglinang ng isang makabansa, makatao, at mapanuring mamamayan sa digital na panahon. Maaaring imodipika ang tuntunin at paksa ayon sa kahingian ng pagkakataon. |
| | 2. Paglalahat<br>**Opsiyon A: SocMed Sourcing**<br>Panuto: Punan ang comment section ng sagot na kailangan ng netizen.<br> | Ang gawaing ito ay nakabalangkas sa pamilyar na anyo ng social media post (gaya ng Facebook) upang hikayatin ang mga mag-aaral na **magsagawa ng crowdsourcing ng impormasyon**. Ang tanong na "Ano-ano ang mga Konsiderasyon sa Pag-unawa ng Awdiyens?" ay sasagutin sa comment section ng mga mag-aaral, upang mabuod ang aralin.<br><br>Pinauunlad nito ang **digital literacy, kritikal na pag-iisip**, at **collaboration**.<br><br>Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:<br>Paggamit ng multimedia sa online conversations mga usapang online (hal., voice notes, GIFs, images, atbp.) |

| | | |
|---|---|---|
| | | Paglikha ng mga *digital diary* o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. *reels*, *blogs*, *vlogs*, memes, *video diaries,* atbp.)<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE5) Gawain Bilang 8* |
| | **Opsiyon B: Hanap Salita**<br>Panuto: Hanapin at bilugan sa puzzle ang limang konsiderasyon sa pag-unawa ng awdiyens. | Sa gawaing ito, nais mailahad at matukoy ng mga mag-aaral ang mga batayang konsepto sa pag-unawa ng awdiyens sa proseso ng komunikasyon. Sa pamamagitan ng larong puzzle, nagkakaroon sila ng **interaktibong karanasan sa pagkatuto** na makatutulong upang maibuod ang aralin. Sa dulog na ito, itinuturing ang mag-aaral bilang aktibong tagaproseso ng kaalaman—hindi lamang basta tumatanggap ng impormasyon kundi **nag-** |

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | N | G | A | N | G | A | I | L | A | N | G | A | N |
| A | K | Z | T | R | A | N | S | S | T | Y | A | B | Q | N |
| S | S | A | L | O | O | B | I | N | N | H | R | U | N | I |
| A | R | U | N | A | S | A | N | A | R | A | K | H | I | Y |
| N | E | K | A | K | A | Y | A | H | A | N | T | W | C | B |
| A | B | I | B | I | N | A | Y | A | S | A | K | F | G | A |
| Y | N | T | I | N | A | O | A | P | O | H | A | G | A | N |
| A | L | A | D | K | Q | M | L | K | D | S | E | M | H | A |
| N | O | J | O | K | A | R | A | N | A | S | A | N | J | M |

Link sa sipi na maaaring i-print:
file:///C:/Users/SIGRID/Downloads/word_hunt_awdiyens.pdf

**uugnay, nag-aanalisa, at nagtatanda** ng konsepto.

*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE5) Gawain Bilang 9*

3. Pagtataya

**Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa antas ng kaalaman, wika, at interes ng awdiyens sa isang partikular na paksa?

    A. Kakayahan
    B. Karanasan
    C. Pangangailangan
    D. Saloobin

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ang kakayahang unawain at tumugon sa mensahe batay sa edukasyon at interes ay tumutukoy sa:<br><br>A. Kakayahan<br>B. Karanasan<br>C. Kasanayan<br>D. Saloobin<br><br>3. Ano ang konsiderasyong tumutukoy sa mga dating kaalaman at personal na pinagdaanan ng awdiyens?<br><br>A. Kakayahan<br>B. Kasanayan<br>C. Karanasan<br>D. Pangangailangan<br><br>4. Tumutukoy ito sa mga impormasyong inaasahang matanggap ng awdiyens mula sa isang mensahe:<br>A. Kasanayan<br>B. Karanasan<br>C. Pangangailangan<br>D. Saloobin<br><br>5. Alin sa mga sumusunod ang may kaugnayan sa damdamin, opinyon, at paniniwala ng awdiyens?<br><br>A. Kakayahan<br>B. Kasanayan<br>C. Pangangailangan<br>D. Saloobin | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Opsiyon B: TAMA O MALI**<br>Panuto: Suriing mabuti ang sumusunod na pahayag. Pusuan ❤️ ang patlang kung TAMA at i-angry 😡 kung MALI.<br><br>_______1. Ang kakayahan ng awdiyens ay tumutukoy lamang sa kanilang wika at edad.<br>_______2. Mahalaga ang karanasan ng awdiyens sa pagtanggap nila ng mensahe.<br>_______3. Ang pangangailangan ng awdiyens ay hindi kailangang isaalang-alang sa pagbuo ng mensahe.<br>_______4. Ang saloobin ng awdiyens ay maaaring makaapekto sa pag-unawa nila sa paksa.<br>_______5. Ang kasanayan ng awdiyens ay tumutukoy sa kanilang kakayahang unawain at tumugon sa mensahe | Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:<br>Paggamit ng multimedia sa online conversations mga usapang online (hal., voice notes, GIFs, images, atbp.)<br><br>1. 😡<br>2. 😡<br>3. ❤️<br>4. ❤️<br>5. ❤️<br><br>Alinman sa mga mungkhing pagsusulit ay maaaring gamitin upang mabilisang matukoy ang naging pag-unawa sa aralin. |
| | 4. Karagdagang Gawain<br><br>**Vlog the Vlog**<br>Panuto: Muling manood ng vlog ng paboritong vlogger at lapatan ng pagsusuri batay sa layunin ng video at pagsasaalang-alang sa pag-unawa ng awdiyens na ginamit dito. I-vlog ang nabuong pagsusuri. | Sakaling may oras pa natitira sa guro, maaaring ipagawa ang karagdagang gawaing na angkop sa kontekstong ng napapanahong henerasyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | | Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon nang may pagsasaalang-alang sa layunin at pag-unawa sa awdiyens (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon).<br><br>Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:<br>Paglikha ng mga *digital diary* o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. *reels*, *blogs*, *vlogs*, memes, *video diaries*, atbp.) |
| **VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT**<br>*(Pagtataya sa Natutuhan)* | **Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian**<br>Panuto: *Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng pinakawastong sagot na kumakatawan sa angkop at mabisang paggamit ng wika at estruktura batay sa layunin, sitwasyon, at konteksto ng komunikasyon.* | |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Ang sumusunod ay konsiderasyon sa upang maunawaan ang awdiyens sa isang sitwasyong pangkomunikatibo maliban sa isa.<br>A. Kakayahan<br>B. Kasanayan<br>C. Panahon<br>D. Saloobin<br><br>2. Ito ay tumutukoy sa kakayahang unawain at tumugon sa mensahe batay sa edukasyon at interes ng taong sangkot sa isang sitwasyong pangkomunikatubo.<br>A. Kakayahan<br>B. Karanasan<br>C. Kasanayan<br>D. Saloobin<br><br>3. Alin sa sumusunod ang pinakamabisa at magalang na paraan ng pagtanggi sa isang imbitasyon?<br>A. “Ayoko talaga, sorry.”<br>B. “Hindi ako interesado.”<br>C. “Wag na lang, baka *boring* din ’yon.”<br>D. “Pasensya na, may *commitment* na po ako sa araw na ’yon.”<br><br>4. Alin sa mga pangungusap ang may angkop na gamit ng wika sa kontekstong akademiko**?**<br>A. “Sobrang lupit ng experiment namin, grabe!”<br>B. “Na-prove namin na tama nga ’yung hinala namin, hehe.”<br>C. “Di ko gets masyado ’yung nangyari, pero may resulta naman.”<br>D. “Napatunayan sa isinagawang eksperimento na may epekto ang liwanag sa bilis ng pagtubo ng halaman.” | *Inaasahang Sagot*<br>*1. C*<br>*2. A*<br>*3. D*<br>*4. D*<br>*5. C* |

| | | |
|---|---|---|
| | 5. Alin sa sumusunod ang pinakamaayos na paraan ng pagpapahayag ng opinyon sa isang interpersonal na usapan?<br>A. "Hindi ako sigurado, bahala na lang sila."<br>B. "Sabi nila, pero baka mali rin naman ako."<br>C. "Para sa akin, mas epektibo ang modular kaysa online learning."<br>D. "Wala akong pakialam sa opinyon ng iba gaya ng sinasabi mo sa akin." | |
| | **Opsiyon B: BidyoKasiya**<br>Panuto: Para sa pangkatang gawain, bumuo ng isang bidyo na naglalaman ng adbokasiya na nagpapamalas ng mabisang komunikasyong personal at interpersonal.<br><br>Tuntunin:<br>1. Magninilay sa isang napanood, nabasa o napakinggan (Alinman sa sumusunod na paksa: Negosyo, Hanapbuhay, Pagiging Mag-aaral sa Kolehiyo) na magiging batayan sa pagbuo ng adbokasiya.<br>2. Maging malinaw sa layunin at isaalang-aalang ang target na awdiyens sa pagtatahi ng video.<br>3. Ilalapat ang adbokasiya sa anyo ng isang *short video* o *reels* na nakikita sa iba't ibang anyo ng *social media* na tatagal lamang ng 45 segundo hanggang isang minuto.<br>4. Limitado ang kagamitan sa pagbuo ng bidyo sa *mobile phone*, *video editing application* gaya ng *Capcut (free)* at *Adobe Premier Rush.*<br>5. Ilalathala ang nabuong BidyoKasiya sa anumang anyo ng *social media.*<br>6. Sundin ang itinakdang pamantayan sa pagmamarka.<br><br>Pamantayan sa Pagmamarka<br><table><tr><th>Pamantayan</th><th>Bahagdan</th></tr></table> | Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:<br>Paggamit ng multimedia sa online conversations mga usapang online (hal., voice notes, GIFs, images, atbp.)<br><br>Paglikha ng mga *digital diary* o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. *reels*, *blogs*, *vlogs*, memes, *video diaries,* atbp.)<br><br>Ang estruktura ng gawaing ito ay Kolaboratibong Performance Task<br>Kung sakaling walang anumang kagamitan ang mga mag-aaral na |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>Nilalaman<br>- Malinaw, angkop, at malalim ang pagtalakay sa personal at interpersonal na kaisipan na nakapaloob sa napanood, nabasa o napakinggang teksto.<br>- Angkop at mabisa ang ginamit na wika at estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal) sa layunin ng BidyoKasiya.<br>- Tumpak na naipahatid ang layuin at naisaalang-alang ang target na awdiyens.</td><td>50</td></tr>
<tr><td>Kalidad ng Presentasyon<br>- Malikhain ang pagkakabuo ng bidyo.<br>- Natatangi ang teknik na ginamit sa pagbuo.</td><td>30</td></tr>
<tr><td>Hikayat/ Dating<br>- Nakahihikayat at kapana-panabik ang bidyo</td><td>20</td></tr>
<tr><td>KABUUAN</td><td>100</td></tr>
</table>
</td>
<td>magagamit sa pagbuo ng BidyoKasiya, malaya ang guro na imodipika ang Pagtatayang Pangyunit sa anyo ng AwdyoKasiya o LiveKasiya. Sa ganitong pagkakataon, kailangang humingi ng kapahintulutan ang guro sa mga magulang at mag-aaral upang mailathala ang nabuong awtput sa anumang anyo ng social media.<br><br>Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:<br><br>Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon nang may pagsasaalang-alang sa layunin at pag-unawa sa awdiyens (hal. paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon).</td>
</tr>
<tr>
<td>VII. PAGNINILAY</td>
<td colspan="2">
<table>
<tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr>
</table>
</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td>(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)</td>
<td>
<table>
<tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika ayon sa layunin?</td><td></td></tr>
<tr><td>2. Anong mga estratehiya sa mga konsiderasyon sa pag-unawa sa awdiyens ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr>
<tr><td>3. Paano nila nasuri ang konsiderasyon sa pag-unawa sa awdiyens sa mga sitwasyong tinalakay?</td><td></td></tr>
<tr><td>4. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr>
<tr><td>5. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr>
</table>
A. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
B. Bilang ng mga mag-aaral na nagngailangan ng iba pang gawain para sa remediation.
C. Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nauunawa sa aralin.
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.
E. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | ________________________________________<br>________________________________________<br>**F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?**<br>________________________________________<br>________________________________________ |